SUPPORTING WOMEN ENTREPRENEURS IN BC

# Tinutulungan namin ang mga Kababaihang Negosyante sa BC

Binibigyang-sigla ang tagumbay ng mga kababaihang negosyante sa BC simula pa noong 1995

Ang WeBC ay isang hindi pangkalakal na organisasyong nakatuon sa pagtulong sa mga kababaihang negosyante sa BC na simulan, pamunuan at palaguin ang sarili nilang negosyo.

Simula pa noong 1995. binigyang-sigla ng WEC ang tagumpay ng mga negosyong pinamumunuan ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga loan sa negosyo na hanggang $150K. Nagbibigay rin kami ng mga pagsasanay para sa mga kasanayan sa negosyo, isinapersonal na payo sa negosyo, pagtuturo, mga praktikal na mapagkukunan sa negosyo at sumusuportang komunidad upang tulungan ang mga kababaihang may-ari ng negosyong makakuha ng mga kasanayan, pananaw, pagpipinansya at mga network na kailangan nila upang maisakatuparan ang kanilang potensyal sa negosyo.

Nauunawaan ng aming pangkat ang mga katangi-tanging kalagayan ng mga kababaihang may-ari ng negosyo. Ang aming mga may karanasang tagapayo, tagapagturo, tagapagsanay, at tagapangasiwa para sa negosyo ay nagbibigay sa aming mga kliyente ng mga kasangkapan at kumpiyansa sa pamamagitan ng sumusuporta, pang-indibidwal at praktikal na pamamaraan.

# Pagsasanay para sa mga Kasanayan sa Negosyo para sa mga Babaeng Negosyante

Tampok sa aming mga pagsasanay para sa kasanayan sa negosyo ang:

- Mga praktikal at magagamit na kasanayan na 100% nauukol sa matagumpay na pagpapatakbo ng maliit na negosyo
- Iba't ibang paksa sa workshop na kilalang susi sa tagumpay ng maliit na negosyo
- Mga babasahing binuo ng mga dalubhasa sa industriya na madalas na tinatampok ang mga tunay na naglalahad ng kwento, mga pangkat na nagbibigay ng impormasyon o tampok na nagbibigay ng impormasyon
- Iba't ibang pamamaraan sa pag-aaral kabilang ang mga workshop, webinar, teleconference at pag-aaral sa sariling paraan

# Payo At Pagtuturo sa Negosyo para sa mga Kababaihan

Mula pa noong 1995, tinulungan namin ang mga kababaihang negosyante sa BC na magtagumpay sa pamamagitan ng isinapersonal na suporta. Bukod sa aming mga workshop sa negosyo at mga loan, naghahandog kami ng propesyonal na payo sa negosyo at pagtuturo.

# Mga Loan sa Negosyo para sa Kababaihan

Naghahandog kami ng mga loan sa negosyo para sa mga negosyong pag-aari ng mga kababaihan sa BC. Ikaw man ay nagsisimula pa lang, bumibili ng negosyo o nagpapalago ng iyong negosyo, kami ay makakatulong.

Bilang isang development lender, narito kami upang tulungan ang mga kababaihang i-access ang pagpipinansyang kailangan nila upang magtagumpay sa negosyo.

Ang aming mga loan ay naiiba sa mga traditional na lender dahil ang aming mga loan ay may kasamang libre, nagpapatuloy na propesyonal na payo sa negosyo, pagsasanay para sa mga kasanayan sa negosyo at access sa mga tagapagturo.

# TUNGKOL SA AMING MGA LOAN SA NEGOSYO

Ang WeBC ay may dalawang pangunahing programa sa loan: ang aming **Primary Lending Program (Pangunahing Programa sa Pagpapautang)** at ang aming **Specialty Loans (Mga Utang sa Espesyalidad),** kabilang ang aming **Youth Business Loan (Utang sa Negosyo para sa Kabataan)** (tingnan ang aming mga Iniaatas sa Pagiging Karapat-dapat para sa higit pang impormasyon).

# Hanapin ang mga sanggunian para sa pagpaplano sa negosyo sa aming Aklatan

## Mga Sanggunian Online

Pinag-iisipan mo mang magsimula ng negosyo o isinasaalang-alang ang pagdadala ng negosyo sa susunod na antas, mayroon kaming mga sanggunian at link upang matulungan ka.

**Narito kami para tumulong! Kung mayroon kang mga katanungan habang sinasaliksik mo ang mga sangguniang ito, makipag-ugnayan sa aming Client Services Coordinator (Taga-ugnay ng mga Serbisyo para sa Kliyente) sa 1.800.643.7014 ext 112.**

*WeBC is supported by Pacific Economic Development Canada*